

Tala sa mga May-akda

Si **GONZALO CAMPOAMOR II** ay nagtuturo ng araling wika, kursong Rizal, at kasaysayan sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas at Center for International Studies sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman. Naging patnugot ng *Philippine Humanities Review* at kasalukuyang patnugot ng *Pingkian: Journal for Emancipatory and Anti-Imperialist Education*. Itinuturing niyang mentor sa araling wika at pambansang wika si Monico Atienza. <gacampoamor@upd.edu.ph>

Si **RAMON G. GUILLERMO** ay nagtuturo sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon. Matagal niyang naging kakwentuhan, inspirasyon, kaibigan, at roommate sa Faculty Center si Monico Atienza. <bomen.guillermo@gmail.com>

Si **FLORENTINO A. INIEGO, JR.** ay kasalukuyang nagtuturo ng mga subjek sa Araling Pilipino, Araling Rizal, at Pangkalahatang Edukasyon sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kanyang pananaliksik ukol sa buhay at panulaan ng makatang Federico Licsi-Espino, Jr. <karloinieo@yahoo.com>

Professor Emeritus ng Unibersidad ng Pilipinas si **TERESITA GIMENEZ MACEDA**. Naging tagapangulo siya ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Natamo ni Prop. Maceda ang kanyang Ph.D. Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas at ang kanyang M.A.

Literature sa Ateneo de Manila University. Awtor siya ng *Bride of War, My Mother's World War II Memories* (2012), *Mga Tinig mula sa Ibaba, Kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Partido Sosyalista ng Pilipinas sa Awit, 1930-1955* na ginawaran ng UP Diliman Chancellor's Award for Best Book noong 1997, *Marcel Navarra, Mga Piling Kwentong Sebwano* (1986) at iba pang mga artikulo sa isyu ng pambansang wika, panitikang Cebuano, Pinoy pop/rock music, mga awit ng protesta sa ilalim ng batas militar at industriya ng kulturang popular. Bilang media practitioner, naging producer siya ng *Pitlag! Kwento ng Buhay, Isyu ng Bayan* na nagkamit ng 2003 NewYork Festivals Radio Bronze World Medal for best radio program in history at ng CMMA best radio drama-forum sa mga taong 2001 at 2003. Si Prop. Maceda ang unang direktor ng Sentro ng Wikang Filipino, UP Sistema (1989-1994) at isa sa mga unang hinirang na komisyoner ng Komisyon sa Wikang Filipino noong 1992-94. Nagsilbi siyang Assistant Vice President for Public Affairs, Director, UP System Information Office (1999-2002) at editor-in-chief ng unang broadsheet sa UP, ang *Forum, Pahayagan ng Malayang Komunidad*. <tet.maceda@gmail.com>

Si **JOANNE VISAYA MANZANO** ay nagtuturo sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura sa UP Diliman. Siya ay kasapi ng All-UP Academic Employees Union at Taripnong Cagayan Valley. Siya ay anak ng isang seaman. <jvmanzano16@gmail.com>

Si **NILO S. OCAMPO** ay Propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon. Mahigit tatlong dekada na siyang nagtuturo at nagsasaliksik sa Kursong Rizal at Wikang Filipino. Pinakabagong aklat niya ang *Kristong Pilipino: Pananampalataya kay Jose Rizal* (BAKAS 2013). <nilocam@yahoo.com>

Si **WILL P. ORTIZ** ay nagtuturo ng Araling Pilipino at Panitikan sa DFPP. Layon ng kaniyang mga akda ang pagtataas ng kamalayan sa usapin ng bata, panitikang pambata, at kababaihan. Kinahuhumalingan niya ang pagsusulat at pagtuturo ng panitikang pambata at isinasapraktika niya ito sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga komperensiya. Founding member siya ng Pilandokan, Inc., samahang nagtataguyod sa pananaliksik, pagtuturo, at pagpapayabong ng panitikang pambatang makabuluhan sa lipunang Pilipino. Awtor siya ng *Bugtong ng Buwan at iba pang Kuwento* na inilathala ng UP Press noong 2011 at nanalo ng Madrigal Gonzalez Best First Book Award. <bilogangbuwan@gmail.com>

Propesor si **ROSARIO TORRES-YU** sa Kolehiyo ng Arte at Literatura (KAL) sa Unibersidad ng Pilipinas. Dati siyang tagapangulo ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, direktor ng Sentro ng Wikang Filipino, dekana ng KAL, at Bise-Tsanselor para sa mga Usaping Pang-estudyante. Nagretiro siya sa pagtuturo noong Oktubre 2014. <rosetorresyu@yahoo.com>